ISSN: 2546-0536

# HANEP

**Basahin Mo Ito!**

Taon 3 • Blg. 46 Marso 25-31, 2019 • P10.00

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

**LOTS FOR SALE**
along ZAPOTE-ALABANG RD.
22 hectares @ 60,000/ sqm.
DAANG HARI
23 hectares @ 45,000/sqm
NEGOTIABLE
Contact: KA INDO
0997-9088638 (Globe)
0918-6174067 (Smart)
Tel. No.: (046) 434-6167

# PRRD, GUEST OF HONOR AND SPEAKER SA SANSIKLAB CLASS OF 2019 40th COMMENCEMENT EXERCISES

pahina 2

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
Accepts the following Election Paraphernalias:
Pamaypay * Sombrero *
Stickers * Flyers *
Pocket Calendars *
T-Shirt Printing * Sample Ballots
Please call: (046) 434-6167
Cell. Nos.: 0997-908-8638
0918-6174067
email: southstarprintcenter@yahoo.com



pahina 8

## PAGTATAPOS, WISH DIN NI JUDY ANN SANTOS

## DOH PROVIDES MORE LIFEGUARDS FOR CALABARZON

pahina 7

## SC REINSTATES RAPS VS. PAROJINOG OVER ANOMALOUS BUILDING CONTRACT

pahina 11

## CAVITE HOLDS INT'L CONFERENCE ON AGUINALDO'S 150TH BIRTH ANNIVERSARY

p. 4

## CALABARZON LAUNCHES SECOND VOLUME OF TRAVEL GUIDE

p. 5

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# PRRD, GUEST OF HONOR AND SPEAKER SA SANSIKLAB CLASS OF 2019 40th COMMENCEMENT EXERCISES

**NAGING** panauhing pandangal at tagapagsalita si Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa pagtatapos ng 201 kadete ng Philippine National Police Academy (PNPA) Class of SANSIKLAB (SANdigan ng mamamayan na may SIgasig na itaguyod ang Kapayapaan at ipagLAban ang Bayan) nitong Marso 22 sa Silang, Cavite.

Malugod na binati ng Punong Ehekutibo ang lahat ng nagsipagtapos at kabilang sa bahagi ng kanyang talumpati ay ang pagpapaalala sa kanila na sa pamamagitan umano ng diretsong paningin ay maluwalhating mararating ang tagumpay.

Sa naturang bilang ng nagtapos ay 154 ang lalaki habang 47 naman ang babae at sila ay pawing nasa ranggo bilang inspector o tinyente.

Nabatid na 138 kadete ay papasok sa kapulisan, 41 ay sa fire department at 22 naman ay sa jail bureau.

Ang criminology top 3 board passer na si Insp. Jervis Allen Ramos, na nagmula sa mahirap na pamilya sa Tondo, Maynila, ang tumanggap ng Presidential Kampihan Award bilang top 1 sa mga graduating cadets.

Samantala, dumalo rin sa okasyon si Vice President Leny Robredo. **ROMY SANTOS**

# CPP-NPA official, ex-priest inaresto

**INARESTO** sa bisa ng search warrant ang isang mataas na opsiyal ng Communist Party of The Philippines- New Peoples Army-National Democratic Front (CPP-NPA-NDF) at ang isang dating retiradong pari sa isang undeground safehouse sa Imus City, Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na si Renante Gamara, alias Mike at Tony, Central Committee member at NDF Consultant at Arturo Joseph Balagat, isang retiradong Catholic Priest mula sa Diocese ng San Bernardino sa California, USA.

Sa ulat, dakong alas-5:30 ng hapon nang isinilbi ang search warrant na inisyu ni Hon. Executive Judge Cynthia Marino-Ricablanca ng RTC Branch 27 ng Sta Cruz, Laguna ng pinagsamang puwersa ng NCRPO, PNP-SAF, AFP, PRO4A, Cavite at Imus CPS sa isang Underground Safehouse (UGH) sa 162 Genra Bautista St., Poblacion II-A. Imus City, na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Si Gamara ay may nakabinbin na criminal case na kidnapping with murder laban kay PFC Eriberto Eclavea noong 2006 sa Mauban, Quezon na inisyu ni Hon. Judge Rodolfo Obnamia at walang inirekomendang piyansa at frustrated murder sa isang rebel returnee/dating rebelde na insisyu ni Hon. Judge Anelo Mesa na may Php200K na piyansa.

Si Gamara ay naaresto noong April 3, 2012 sa Las Pinas City subalit pansamantalang pinalaya dahil sa Peace Talk sa Oslo, Norway noong August 19, 2016.

Nang natapos ang peace talk noong Novembe 23, 2017 ay tuluyan siyang nagtago.

Samantala, si Balagat naman ay kasalukuyang Provincial Chairperson ng Cooperative Development Council sa Cavite at Vice Chairperson ng Regional Coop Development Council ng Region 4A; nagsilbing presidente ng Elena and Remedios Monzon family foundation kung saan nagbibigay ng mga scholarship program sa mga unibersidad.

Na-ordained siya bilang pari noong September 5, 1975 sa Imus City, Cavite at naging priest in charge ng 17 barrio sa Indang, Cavite at Guidance Counselor ng St. Gregory Academy sa Indang sa loob ng 2 taon, naging parish priest sa ilalim ng Diocese of Imus hanggang 1991 at noong 1992 ay nag-migrate sa California bilang Migrant Filipino priest hanggang sa naging parish priest sa ilalim ng Diocese of California hanggang sa nag-retire ito noong 2013.

Nakuha sa pag-iingat ng dalawa ay dalawang granada; mga electronic devices at gadgets; mag subersibong dokumento; kalibre 9mm na may magazine at P90,000 cash.

Ang dalawa ay dinala sa RSOU-NCRPO para sa documentation, booking at filing ng criminal charges.

Bukod sa dalawang naaretso, inimbitahan din ang 7 pang crew ng UGH para sa beripilaksyon. **GENE ADSUARA**

# 'Palaban ng gagamba' pinagpupustahan sa Rosario, Cavite

**SWAK** sa kulungan ang sampung kalalakihan na pawang nahihilig sa labanan ng gagamba matapos naaktuhan at nagpustahan ng umabot sa mahigit P2,000 sa Rosario, Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na sina Eulogio Mondigo, 26, may-asawa; Atilano Tupaz, 47, binata; Gabriel Beniza, 21, binata; Alvin Guesta, 39, binata; Elmer Antonio, 42; Aladino Encarnacion, 29; Michael Arante, 34; Marvin Savilla, 32 Arnel Sodilla, 32, at Vincent Miramas, 25, pawang residente ng Brgy. Sapa 2, Rosario

Sa ulat ni PO1 Joey Luz Pulusan, ng Rosario Municpal Police Station, dakong alas-9:30 ng gabi nang nag-umpukan ang grupo at inumpisahan ang tinawag na "Palaban ng Gagamba" sa Brgy Sapa 2, Rosario.

Gayunman, nagsagawa naman ng kampanya laban sa illegal na sugal ang Rosario MPS na nagresulta sa pagkakaaresto ng mga suspek.

Bukod sa halagang P2,200 na pusta, nakuhanan din sa mga suspek ng posporo na naglalaman ng mga buhay na gagamba.

Paglabag sa PD 1602 ang isinampang kaso laban sa mga naarestong suspek. **GENE ADSUARA**

# Almario, naglunsad ng bagong aklat

LUNGSOD QUEZON (PIA) - Inilunsad ni G. Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Sining at Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong Sabado, Marso 16, ang kanyang panibagong aklat na may titulong "Bakit Kailangan natin si Pedro Bucaneg?

Kasabay sa paglulunsad ang ika-75 taon kaarawan ni Almario, kung saan sinabi nito na handog niya ang aklat sa mamayang Filipino upang muling pukawin ang pagmamahal sa Inang Bayan sa pamamagitan ng paglingon sa nakaraan.

"Hanggang ngayon, napakahalaga pa rin ng "paglingon"- -ang paggunita sa lumipas, ang pagbabalik sa kasaysayan- -upang higit na matukoy ang isang magandang hinaharap," mensahe ni Almario na matatagpuan sa paunang salita ng aklat.

Binigyang diin ni Almario na kailangan ng wastong paglingon at pagsisiyasat para sa kalusugan ng pambansang gunita na makapagaambag sa pagbigkis ng higit na matibay at progresibong Filipinas.

Ipinaliwanag ni Almario na si Bucaneg ang sinasabing orihinal na may akda ng epikong Ilokanong, Biag ni Lam-ang. Subalit, dahil bulag si Bucaneg mula pagkabata, may mga pagdududa kung siya nga ang sumulat at kung sakaling idinikta lamang niya ito, kanino at bakit.

Kailangan si Bucaneg dahil maaring sa wastong pagsisiyasat ng kaniyang mga ginawa, ating matutunton ang iba pang yamang pangkalinangan tulad ng epikong Lam-ang; ang kuwento ng ating bayan; ang iba't ibang dayalekto, ang ating katutubong alpabeto at iba pang aspeto ng ating kultura na naibaon sa paglipas ng panahon at sa pagsasalinsalin sa iba't ibang mga kamay.

Sa panulat ni Almario sinabi niyang mahalaga si Bukaneg upang mabigyang linaw ang katutubong simula ng ating epikong-bayan at kulturang bayan sa kabuoan.

Siya'y isang simbolikong mohon ng ating di-nakasulat na lumipas, ng sari-sari't sinaunang malikhaing gawain ng ating mga ninuno bago ang panahon ng pananakop.

Ang aklat ay nagtataglay ng siyam na artikulong nagbibigay ng napakataas na pagpapahalaga sa metodiko, masinop, malawakang pananaliksik.

Samantala, ang paglulunsad ng libro ay nagsilbi ring pagtitipon ng mga alagad ng sining na pinangungunahan ng apat na mga Pambansang Alagad ng Sining na sina: Ginoong Bienvenido Lumbera, Ramon P. Santos, F. Sionil Jose at Ryan Cayabyab.

Ang palatuntunan para sa paglulunsad ay naging tanghalan ng kalinangang palabas. Nagtanghal ng sayaw ang UP Dance Company at umawit si Lara Maigue.

Kabilang din sa pagtatanghal ang pagbigkas ng mga gawa ni Almario na ginampanan nina Vim Nadera Jr., Juan Miguerl Severo at ng sikat na rapper na si Negatibo.

Nagpakitang gilas naman sa balagtasan ang mga taga KWF sa pangunguna ng mga makatang sina RR Cagalingan, Karl Santos at Dax Gutab.

Nagkaroon din ng eksibisyon ng mga gawain at lathalain ni Almario sa loob ng limampu't tatlong taon, bilang bahagi ng paglulunsad na nagtapos sa pag awit ng kundiman ng isang koro. (PIA InfoComm)




Tangan ni G. Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Sining at Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang kanyang bagong aklat, "Bakit Kailangan natin si Pedro Bukaneg?" sa paglulunsad nito noong Sabado, Marso 16. (Larawan kuha ni Joedie Mae Boliver/PIA InfoComm)

# Dahil sa selos, dating kinakasama sinaksak

HINDI pa rin matanggap na may bago na siyang kapalit, pinagsasaksak ang isang 37-anyos na empleyado ng munispiyo ng dati nitong live-in partner sa Naic, Cavite.

Kritikal sa Korean Hospital ang biktimang si Maricon Qunito, empleyado ng Naic Municipal Hall at residente ng 21 Brgy. Ibayo Estacion, Naic, dahil sa tama ng saksak na bumaon sa kanyang dibdib.

Arestado naman ang suspek na si Winston Pangilinan, 36, binata ,company driver, at ng 140 Governors Drive, Brgy San Roque, Naic.

Sa ulat ni PO3 Harry Culanding, ng Naic Municipal Police Station, nag-ugat ang galit ng suspek nang nakita nito ang dating live-in partner dakong alas-7:50 ng gabi na sumakay sa tricycle dahil may katagpo umano ito kaya sumakay din ng tricycle ang suspek at sinundan nito.

Pagbaba ng biktima sa harapan ng Phoenix Gasoline Station sa Brgy Ibayo, Silangan, Naic, habang hinihintay ang kanyang kausap, bumaba rin sa tricycle ang suspek at kinausap ang dating live-in partner.

Nauwi sa mainitang pagtatalo ang pag-uusap ng dalawa hanggang sa nagbunot ng patalim ang suspek at pinagsasaksak sa dibdib ang biktima.

Isinugod ang biktima sa ospital habang ang suspek ay naaresto ng mga rumespodneng tanod ng Brgy Ibayo, Silangan.

Nabatid na nagsampa ng kasong emotional abuse ang biktima laban sa dating live-in partner matapos silang naghiwalay na kasalukuyang dinidinig sa Naic Municipal Trial court.

Nakapagpinyasa umano ang suspek nito lamang February.

Ayon kay Culanding, nagselos umano ang suspek nang nalaman nito na may kapalit na siya sa puso ng biktima . GENE ADSUARA

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Muling buhayin ang death penalty?

MULING umiinit ang usapin tungkol sa muling pagbuhay sa death penalty.

May kaugnayan ito sa kinasapitang brutal na pagpatay kay Christine Silawan ng Lapu-Lapu City, Cebu.

Karumal-dumal na pagpatay kaya sino ba naman ang hindi manggagalaiti sa matinding galit.

Paksa ko last week sa pitak na ito ang tungkol sa naturang krimen na ang aking sabi nga ay gawa ng 'halimaw o demonyo.'

Menor de edad din ang isa sa mga nahuling suspek sa krimen na sinasabing dating kasintahan ng dalagita.

Sa murang edad ay nanaig ang ugaling 'halimaw o demonyo' sa suspek at nagawa ang ganoong uri ng pagpatay.

Saan kumuha ng lakas ng loob at tapang ang suspek na ito sa pagsasakatuparan sa brutal na pagpatay sa 16-anyos na biktima?

Sabi ng nakararami, pagsapit ng tamang edad ay dapat igawad ang parusang kamatayan laban sa suspek.

Nasa kamay ng Kongreso ang muling pagbubuhay sa usaping parusang bitay.

Alam naman siguro ng ating mga mambabatas kung anong pamamaraan o kung paano pinatay ang biktima.

Pagkatapos pagsamantalahan ay tinadtad ng saksak sa iba't ibang bahagi ang dalagita kasunod ay binalatan pa ang mukha.

Kung pagbabatayan nga ang reaksiyon at suhestiyon ng mga nagkokomento sa social media, dapat daw ay ganoong klase rin o mas higit pa ang ibigay na uri ng kamatayan sa suspek.

Unti-unti raw na balatan hanggang sa malagutan ng hininga at huwag basta lethal injection o silya-elektrika.

Nangangahulugan na napakarami ang pumapabor sa muling pagbubuhay sa death penalty.

Kung ang parusang kamatayan ang isa sa maaaring makakapigil sa pagdami ng rape cases o sa paggawa ng ganitong uri ng krimen, marahil ay napapanahon nga na ito ay muling buhayin at ibalik.

Kaya nga lamang ay uulitin ko, nasa hurisdiksiyon ng Kamara ang isyung ito.

Ang sabi nga ay walang karapatang mabuhay ang mga ganitong uri ng tao.

Kung walang karapatang mabuhay, ano ang dapat gagawin?

Natural ay bitayin o patayin na rin upang hindi na pamarisan pa ng iba.

At upang hindi na makapambiktima pang muli na uulit manggagahasa na ang masakit ay papatayin pa ang biktima.

Ano po sa inyong palagay? Dapat na nga bang muling buhayin ang death penalty?

# EDITORYAL

## Sa mga tamang benepisaryo

**TATAPUSIN ang lahat ng Yolanda Housing Projects bago ang pagsapit ng 2020.**

**Target ito ng Malacañang na ibig sabihin bago dapat matapos ang kasalukuyang taon ay tapos na rin ang naturang pabahay.**

**Galing kay Pangulong Rodrigo Duterte ang direktiba upang bilisan ang pagtayo ng mga pabahay sa mga nasalanta ng bagyo.**

**Kasama sa kautusan ang muling pagbuhay sa Regional Interagency Coordination Council.**

**Ang nasabing konseho ay tutuwangan ng mga lokal na opisyal upang matukoy ang mga bibigyan ng mga pabahay.**

**Muli, sana ay doon lamang mapupunta sa mga nararapat na benepisaryo.**

**Ang hindi pa nakakatanggap ng pabahay galing sa gobyerno o NGOs ang magiging benepisaryo ng bagong pabahay na tatayuin.**



# HELMET

ni FREDDIE MANALAC

## PABAHAY SA MALABON BAKIT MALABO?

**ISA** ang Malabon sa may pinakamataas na bilang ng mahihirap na kung tawagin ay informal setlers na walang matatawag na sariling tirahan. Noong mga nakaraang taon kaliwat-kanan ang nangyayaring demolisyon lalo na sa parte ng CMF Upper Catmon, inalisan ng power supply at sinampahan pa ng kung anu-anong kaso ang mga residente para lamang mapaalis.

Nakakalungkot isipin na sa tuwina ay ganito ang eksena sa mga demolisyong ginagawa sa mga residente.

Kaya tuloy ang panaghoy ng mga residente na sana ay magkaroon na ng tunay na pabahay sa Malabon.

Kuwestiyunable ang nakatala sa Annual General Budget ng Malabon simula noong 2017 na nagkakahalaga ng P23.1 milyon, at nitong 2018 ay nasa P23.5 milyon dahil sa pagkakaroon ng Community and Urban Poor Affairs Office (CUPAO) na siya dapat umanong umasiste at tumulong sa pagsasaayos ng problema pagdating sa basic services,tenural rights, pagtulong sa implementasyon ng Social Housing Program at pagtukoy sa mga relocation sites para maayos na lilipatan ng mga pamilyang apektado.

Kung ganoon kalaki ang budget bakit hindi nakapagpa-tayo ng pabahay sa Malabon. Nasaan ang CUPAO na itinalaga para sa mga reklamo at hinaing ng mamamayan tungkol sa illegal na demilsyon?

Bakit marami pa rin ngayon sa Malabon ang may banta ng demolisyon?

Nasaan ang nakatalagang mandato ng lungsod na pangunahan at imonitor ang implementasyon ng programa ng lokal na pamahalaan pagdating sa urban poor gender and community development?

Nasaan na ang mga pangako na tutulungan na ang mga maralita sa pagsasaayos ng kanilang mga problema sa paglaban ng kanilang karapatan bilang residente ng Malabon?

Bakit hindi ipinaglaban ni Mayor Lenlen Oreta ang usaping ito sa loob ng anim na taon ng kanyang pagiging alkalde?

Wala bang proteksyon para sa mga "squatters area" upang hindi agad sila mapalayas sa kanilang tinubuang lupa?

Dapat bang ituro sa iba ang problema sa dapat ay inayos niya bilang Ama ng Lungsod."

Kung susuriin ang performance indicator sa tanggapan ng Malabon, tila walang makikitang inilaan para sa pagtatayo ng pabahay para sa in-city relocation na mag-lilipat sa mamamayan ng Malabon sa maayos at permanenteng bahay. Karamihan sa mga indicator dito ay puro mga training para sa peace and order, na nilalahukan ng mga barangay tanod, ladies at lupong tagapamayapa.

Tanong tuloy ngayon ng mga residente ng Malabon kay Mayor Lenlen, kalian mo pa ba magiging pangunahing adhikain ang ipaglaban ang kahirapan ng mga taga Malabon? Malinaw ba sa iyo na ang solusyon ay ang pag-bibigay ng disenteng pabahay at lupa na hindi aangkinin ng iba?

Ngayon eleksyon na naman, marami na namang mga pangako. Dapat alamin at suriin ngayon ng mga taga Malabon ang plataporma ng mga kandidatong kakatok sa inyong bahay pintuan. Baka kasi kailangang kilatisin para sa tunay na pagbabago.

Ang pagbibigay ng solusyon sa kahirapan ay pagbibigay ng solusyon sa kaharasan, sana ay maisip ng nakaupong Mayor ngayon ng Malabon iyan!!!

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL --------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

ROMEO S. SANTOS
*Publisher/Editor-in-Chief*

JUNE BILLONES
*Managing Editor*

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*

MARLON BAGUS
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

# CAVITE HOLDS INT'L CONFERENCE ON AGUINALDO'S 150TH BIRTH ANNIVERSARY

**Historians, scholars and members of the academe convened on March 19-21, 2019 at the Lyceum of the Philippines University-Cavite Campus Auditorium in the City of Gen. Trias for the International Conference on the 150th Birth Anniversary of Emilio Aguinaldo.**

Participants who gathered in commemoration of the life and works of the most illustrious son of the province were welcomed by LPU-Cavite Vice President Ms. Teresa O. Pilapil on behalf of the University President Atty. Roberto P. Laurel, telling how our heroes in the past can be considered as best teachers from whom we learn what it means to be Filipino.

Meanwhile, humbled to be given the opportunity to deliver a message during the opening program of the conference, Cavite Governor Boying Remulla paid his respects to the guests and attendees, especially to former Prime Minister Cesar EA Virata and National Historical Commission of the Philippines (NHCP) Chairman Dr. Rene R. Escalante. The governor also acknowledged the collaborative efforts of the NHCP, the Provincial Tourism and Cultural Affairs Office (PTCAO) and the Cavite Historical Society in rekindling the heroism of Aguinaldo. Likewise, the governor encouraged members of the academe to further understand the process of history, as well as to teach history in the right perspective.

Former Prime Minister Cesar EA Virata, Chairman of the Cavite Historical Society, and a descendant of Aguinaldo shared stories of political events during President Emilio Aguinaldo's time and called to settle the issues to collectively gain peace and strength towards nation-building.

On the other hand, Dr. Manny Calairo of De La Salle University-Dasmariñas and member of the NHCP Advisory Committee provided the overview of the conference to further stir the interest of the participants in revisiting and understanding more of Aguinaldo's contributions and legacy of as one of the main pillars of our nation.

Among the resource speakers and scholars who shed light on various issues related to heroism and independence by sharing their historical insights and research were Dr. Reynaldo Ileto of the Australian National University who tackled "The Multiple Roles of Emilio Aguinaldo in the History of Nation Building"; Dr. Lance Collins of the Hawaii Institute for Philippine Studies with his "Ontology of Statecraft: Studying the Ideas of the Malolos Constitution"; and, Dr. Karl-Heinz Wionzek of Dr. Lutke Foundation based in Germany on his work "Emilio Aguinaldo, the Germans and the Australian Ferdinand Blumentritt: Contacts and Mutual Relations between 1897 and 1901, plus many other studies related to the life of the Father of Philippine Independence.

Other sessions include topics on Emilio Aguinaldo before the revolution, behind the uniform and traces on Freemasonry, and different views on him from the northern Luzon, Visayas and Mindanao.

The three-day conference that honored the life, achievements and enduring legacy of Aguinaldo concluded with an educational tour to the heritage sites in Cavite spearheaded by OIC-Provincial Tourism Officer Rozelle Sangalang.

The NHCP, the Cavite Studies Center and the Provincial Tourism also invited everyone to join them on March 22, 2019 to celebrate the 150 years of the First President of the Republic of the Philippines at the Aguinaldo Shrine in Kawit, Cavite. Among the activities lined-up are musical performances from the Kawit Singing Ambassadors and the Campus Medley, the Bayanihan Dance Troupe cultural presentation, karakol competition and the Aguisaysayan 2019 (Aguinaldo sa Kasaysayan: Tagisan ng Kaalaman sa Buhay at Kasaysayan ng Unang Pangulo ng Republika ng Pilipinas), a module writing competition. **(PICAD)**



# 204.8M halaga ng logistic center, itatayo sa San Rafael

**SAN RAFAEL, Bulacan (PIA)** — Sisimulan na ang konstruksiyon ng North Mega DC na magiging pinakabagong logistic center sa hilagang bahagi ng Bulacan kasunod ng P204.8 milyon pamumuhunan ng MetroPac Movers Inc. ng Metro Pacific Investment Corporation o MPIC.

Sa isang panayam, sinabi ni MPIC Chairperson Manuel V. Pangilinan na ang North Mega DC ay magiging kakambal na logistic center ng South Mega DC na nasa General Trias, Cavite.

Bumili ng lupang may laking 277,857 square meters ang mamumuhunan sa bayan ng San Rafael. Kabilang sa mga pasilidad na itatayo at serbisyong ipagkakaloob nito ay warehousing, transport, freight forwarding, cross docking at parcel delivery services.

Kalakip nito ang pagbiyahe sa Bulacan ng may 520 nilang mga trucks na may iba't ibang laki na maghahakot ng mga kalakal at kargamento papasok at palabas ng lalawigan.

Bilang isang logistic center, makakatuwang ng MetroPac Movers Inc. ang Air 21 kung saan mayroon silang 12 porsyentong sosyo na magtitiyak na maipapadala saan mang panig ng bansa o mundo ang mga kalakal at kargamentong maiimbak. **(CLJD/SFV-PIA 3)**

# Lango, nagtrip mambato ng 3 katao

**SUGATAN** ang tatlong katao nang tamaan ng bato sa ulo habang naglalakad lamang sa Trece Martires City, Cavite.

Pawang ginamot sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital ang mga sugatang biktima na sina Leoncio Moling, 64, construction worker, ng Sabang, Naic,; Noel Biñas, 46, may-asawa, driver, ng Blk.172 Lot 17 Golden Horizon Subd. Brgy Hugo Perez, TMC; at Marjun Barbarona, 18, construction worker, ng Block 62 Lot 40 Golden Horizon Subd. Brgy Hugo Perez.

Arestado naman ang suspek na nakilalang si Roger Espartiro, 21, binata, stay-in sa isang construction site sa naturang barangay.

Sa ulat ni SPO1 Richard Chavez, ng Trece Martires City Police Station, dakong alas-8:30 ng umaga nang naganap ang insidente sa loob ng nasabing sabdibisyon.

Nabatid na naglalakad lamang sina Moling at Binas habang sakay naman ng motorsiklo si Barbarona sa loob ng nasabing sabdibisyon nang walang sabi-sabing pagbabatuhin sila ni Espartiro na umano'y lango sa alak.

Nabatid na sa ulo tinamaan sina Moling at Binas at sa katawan naman si Barbarona at motorisklo nito kaya kinakailangang isugod sila sa ospital.

Kasong Frustrated Murder at Malicious Mischief ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**



Mainit na sinalubong si Congressman Atong Asilo ng mga nakatira sa Barangay 123, Tondo, Manila bago magsimula ang pabingo ng grupo Legacy. Dumalo din sa pabingo ang dating Congressman Amado Bagatsing na tatakbo ngayong vice mayor ng lungsod ng Maynila. **(FREDDIE M. MANALAC)**



# PNP-HPG tutulong sa operasyon kontra kolorum

**LUNGSOD QUEZON (PIA)—**Inaasahan ang mas pinalawak at mas pinaigting na operasyon kontra kolorum at iba pang paglabag sa batas-trapiko matapos pormal na italaga ang Philippine National Police-Highway Patrol Group (PNP-HPG) bilang "enforcement arm" ng Department of Transportation (DOTr).

Ito ay matapos lagdaan ng DOTr at Department of the Interior and Local Government (DILG) ang isang kasunduan sa isang seremonya sa Camp Crame sa Quezon City noong ika-11 ng Marso 2019.

Sa ilalim ng kasunduang nilagdaan nina DOTr Secretary Arthur Tugade at DILG Secretary Eduardo Año, magtatalaga ang PNP-HPG ng 300 uniformed personnel na tutulong sa mga operasyon ng Inter-Agency Council for Traffic (i-ACT) sa National Capital Region (NCR) at iba pang karatig-rehiyon.

Sa signing ceremony, nagpasalamat si Tugade hindi lang para sa mga tumulong at naging bahagi ng naturang inisyatibo, kundi maging sa ambag ng buong kapulisan sa bayan.

"Ang PNP at ang ating mga uniformed personnel ay malaking bagay upang mag-inculcate ng disiplina sa ating bayan. Kung walang disiplina at peace and order, walang progreso, walang development," ani Tugade.

Kabilang sa mga dumalong opisyal sa signing ceremony sina PNP Chief P/Director General Oscar Albayalde, DILG Usec. for Peace and Order Bernardo Florece Jr., DOTr Usec. for Road Transport and Infrastructure Mark De Leon, DOTr Chief of Staff and OIC Usec. for Administrative Service Artemio Tuazon Jr., Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) Chairman Martin Delgra III, Philippine Coast Guard (PCG) Commandant Admiral Elson Hermogino, Metro Manila Development Authority (MMDA) Chairman Danilo Lim, DOTr Asec. for Mindanao Projects Eymard Eje, DOTr Asec. for Special Concerns Manny Gonzales, HPG Chief Roberto Fajardo, dating HPG Chief at ngayo'y LTFRB Board Member Antonio Gardiola, at iba pang mga opisyal.

Ang nilagdaang kasunduan ay bahagi ng pagsunod ng DOTr sa ibinabang direktiba ni Pangulong Rodrigo Duterte na malawakang crackdown sa mga kolorum na sasakyan. **(PIA InfoComm)**

# CALABARZON LAUNCHES SECOND VOLUME OF TRAVEL GUIDE

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – The second volume of "Calabarzon Agriculturally Awesome," a travel guide which promotes the region's scenic spots, indigenous delicacies, and the various farm tourism and learning sites, was officially launched at the Agricultural Training Hall of Lapidario village here on Monday.**

A collaboration project between the Region IV-A offices of Department of Tourism (DOT) and Department of Agrarian Reform's Agricultural Training Institute (DA-ATI), the first-ever regional tourism guide now boasts of 17 DOT-accredited farm tourism sites, (from the 10 featured in volume 1) and other updates, ATI 4-A center director Marites P. Cosico said.

A fusion of agriculture and tourism, the travel guide aims to offer "agriculturally awesome" alternatives to the usual hotels and resorts in the Calabarzon provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon- considered the nearest destination from Metro Manila.

Cosico said the travel guide will take one to the region's inspiring and admirable places that will provide harmony and serenity, healthy options, historical and cultural perspectives, delectable cuisines and a lot more.

The 83-page travel guide features each province for its known "branding"—Cavite as the Coffee Capital of the Philippines; Laguna for its top organic farms; Batangas as world class livestock producer; Rizal as the "green" province; and coconut capital of the Philippines for Quezon.

Authored by Jamila Monette B. Balmeo, the travel guide provides information on various DOT accredited farms, ATI's learning sites for agriculture, regional festivals, delicacies, and Farmers Information and Technology Services (FITS) Centers in Calabarzon, among others.

The ATI has printed 100 copies which will be distributed for free to different DOT, ATI locations. ***(Gladys Pino-PNA)***




**AGRICULTURALLY AWESOME TRAVEL GUIDE.** The second volume of the travel guide, to promote the region's scenic spots, indigenous delicacies, and the region's various farm tourism and learning sites, was officially launched at the ATI Calabarzon Training Center at Lapidario Village, Trece Martires City on Monday (March 18). The launch was led by ATI 4-A center director Marites P. Cosico (right). ***(PNA photo by Gladys Pino)***

# DOH call for emergency command conference for Rizal Province to resolve measles crisis

Secretary of Health Francisco T. Duque through DOH -CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo on Monday convened the local governments of Rizal Province for an "Emergency Command Conference on Measles" in order to have a sustainable plan and collected effort in the elimination of cases and to resolve the measles crisis in the province.

"*Ngayon at nanunumbalik ng unti-unti ang tiwala ng publiko sa ating mga health centers, na dulot na rin ng kanilang takot na magkaroon ng komplikasyon ang kanilang mga anak sa tigdas, let us seize this opportunity and communicate to our people, to our parents, to the mothers in particular, on the extreme urgency of having their children brought for immunization in their respective health centers,"* Secretary Duque stated on his message during the command conference of measles held at the Sulo Riviera Hotel in Quezon City on March 18, 2018.

*"We need to have a successful immunization plan dahil ito lamang ang pinakamabisang paraan sa mga nakamamatay na mga vaccine preventable diseases. And it is only through this strategy I believe strongly that we can muster everyone's capacity to respond with a sense of urgency to reverse this dire situation that is confronting the entire Philippine health system. And it's going to be worse if we don't do this.* Kailangan nating magkaisa, magsama sama at intindihin natin kung ano po ang kahulugan ng pagtutuloy ng ating mga outbreaks at mga measles cases*," he tells local officials.*

From January 1, 2019 to March 19, 2019, the Regional Epidemiology and Surveillance Unit (RESU) reported a total of 2,737 measles cases in the province of Rizal with 121deaths. This figure is 7,503 percent higher compared to the same period last year with 13 measles cases and 6 recorded deaths.

Antipolo City has the highest number of measles cases in the province 1007 and 32 deaths followed by the municipalities of Rodriguez with 308 cases and 7 deaths; Cainta with 264 cases and 7 deaths; Taytay - 260 cases and 6 deaths; San Mateo – 248 and 7 deaths; Binangonan – 188 and 3 deaths; Angono – 93, 4; Baras – 91, 2; Tanay – 86, 5; Pililla – 29, 2; Teresa 30 case, no death reported; Cardona 26, 2; Morong – 23, 2; and Jala-Jala with 5 cases, no death.

A total of 5,646 measles cases recorded in CALABARZON for the same period with 121 deaths. Cavite with 929 cases and 15 deaths recorded; Laguna has 847 cases with 12 deaths; Batangas with 577 cases and 9 deaths; and Quezon with 556 cases and 6 deaths.

Regional Director Eduardo C. Janairo acknowledged the timely response and continuing efforts of LGUs in the province in the on-going measles mass immunization campaign. "We have augmented manpower in areas where there are high number of measles cases by deploying additional vaccinators to assist in the house-to-house immunization and manage additional fixed vaccination posts in the communities," he emphasized.

Local governments also reported accomplishments in the measles campaign and continues to lobby with the private schools, Muslim community in Cainta and the religious sect to submit their children for vaccination.

Total number of vaccinated children in the province of Rizal is 333, 581 (95.84%) from the target population for Measles-Rubella Supplemental Immunization Activity (MR-SIA) of 348,076. There is 124,491 children ages 6-59 months old more for vaccination.

"We have the capability, we have the manpower, the funds and logistics…there should be no excuse. We need to collectively ensure and commit to bring back herd immunity to 95%. Let's be 10 steps ahead *para sa ganun ay hindi kumalat ang mga* vaccine preventable diseases," Secretary Duque stressed.

"Let us be united in this call for a deliberate, well focused, strategic solutions to reverse the outbreak that is now happening and continues to happen because if we do not do something about this, other vaccine preventable diseases cases will rise and it will be going to be a tremendous concern in the future," he added.

Regional Director Janairo on his part, assured LGUs that the regional office is ready to provide support should there be requests for assistance on the on-going measles mass immunization campaign. "We have the measles task force and vaccination teams to address and respond to any queries and support,"

"Even with the downtrend of measles cases, we still need to maximize our efforts to safeguard all fully immunized children to prevent the onset of another outbreak. That is why I again call to parents of children to bring their unimmunized child to the nearest health center to avail of the free anti-measles vaccine. It is the only way to protect your children and prevent the spread of the virus," he appealed. **BN**



DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo shows the maps of municipalities with high number of measles cases in Rizal Province during the Emergency Command Conference on Measles held at the Sulo Riviera Hotel, Quezon City on March 18, 2019. BOY NAMORA



Dumalo si Mayor Fred Lim sa isang misa sa simbahan ng Our Lady of Fatima sa Bacood, Sta. Mesa, Manila. Matapos ang misa ay nagpakuha ng larawan kasama ang opisyal at miyembro na Knights of Columbus Manila. Kinausap niya ang mga ito at inilahad ang kanyang plataporma kung sakaling makabalik siya bilang alkalde ng lungsod ng Maynila. **(Freddie M. Manalac)**

HANEP SPORTS
EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

# BATANG PINOY LUZON LEG SA ILAGAN, ISABELA BAGUIO CITY LAMANG SA MEDALYA

**NAGING hamon sa defending leg Champion ng Batang Pinoy ang Baguio City na tangan nito ang National titlist na mula naman sa local government kung saan ay ilang araw na nag nakalipas sa ginaganap na Luzon leg ng 2019 Batang Pinoy sa Ilagan Sports Complex, Isabela**

Nang maailabas na ang un official results para sa top 5 nakahakot ng 49 medalya na binubuo naman ito ng 13 ginto, 15 silver at 21 bronze ang Baguio City sinundan ng Taguig City total of 27 medal gold 9, silver 10, bronze 8, Quezon City 20 medal 9 gold, 5 silver at 6 Broze, Laguna Province nag tala ng 25 medalya 9 ginto, 7 silver, 10 bronze habang ang San Jose City, Nueva Ecija 15, medal 8 gold, 6 silver at 1 bronze , ito ay mga nakamit para sa ikatlong araw na paglaban-laban nila ng ibat-ibang probinsyang kalahok kung saan ang ay matatandaang ang Baguio City ang siyang nag kampeon taong 2017 na ginanap sa Vigan City, na sinundan naman sa Ilocos Sur. Kung kaya sisikapin na makamit ang pagiging kampeon ng naturang kumpetisyon.

Kaugnay nito ang magwawagi sa pa torneong ito sa pag-oorganisa ng Philippine Sports Commission PSC na patuloy ang isinasagawang pag didiskubre ng mga manlalarong susunod sa henerasyon ng mga bagong talento sa larangan ng Sports.

Samantala ang mga kabataang papalarin sa Norte ay kwalipikado para naman sa National Championship na gaganapin naman sa pinagpipiliang Tagbilaran City sa Bohol o ang Ormoc City ng Leyte na hindi pa nabanggit kung kalian pa ito maaring itakda ng kung anong buwan magaganap.

Pag-aagawan sa kagalingan ng mga kabataang manlalaro ang may kabuuang 1,260 medalya na may 420 ginto, 420 pilak at tansong 420 ang nakahanda para naman sa 20 sports na paglalabanan kasama dito ang athletics, Swimming at iba pang sports event sa nasabing okasyon.

## Suelo naghari sa Singapore Open Rapid Chess tourney

**NAGHARI** si Arena Grandmaster at Fide Master (FM) elect Robert Suelo Jr. sa katatapos na March edition ng Asean Chess Academy (ACA) 2019 Open Rapid Chess Tournament na ginanap sa Bukit Timah Shopping Centre sa Singapore.

Ang 1996 Philippine Junior Champion na si Suelo ay tumapos ng perfect six wins sa six outings.

Si Suelo na active member ng International Churches of Christ (ICOC) sa Singapore ay naiuwi ang titulo kasama ang three nights stay sa Mandalay Hotel sa Myanmar.

Si Suelo ay kasalukuyang nagtatrabaho bilang chess teacher sa Singapore. Ipinanganak at lumaki sa Quezon City ay hindi makakalimutan si Suelo matapos tulungan ang Rizal Technological University (RTU) Barangay Malamig, Mandaluyong woodpushers sa pagkopo ng titulo sa national championships sa national intercollegiate sa kalagitnaan ng dekada 90's.

Kabilang sa mga naitalang panalo ni Suelo scored ay kontra kina Fide Master (FM) Qing Aun Lee ng Singapore sa first round, Woman International Master (WIM) WIM Jan Jodilyn Fronda ng Philippines sa second round, Deng Tiangle ng China sa third round, Joshua Juaneza ng Philippines sa fourth round, Jonathan Auyeung ng Singapore sa fifth round at Alex Chan ng Singapore sa sixth at final round.

Nagpakitang gilas din sina Hao Ren Chua at Jien Hao Ian Zachary Soon ng Singapore na kapwa nakapagkamada ng tig 5.5 points para magsalo sa top honors sa Challengers section. **(Marlon Bernardino)**

## Bonjoure Fille nakatutok sa panibagong titulo

MATAPOS mag runner-up finish sa National Age-Group Chess Championships na ginanap kamakailan sa Legaspi City, Albay ay tatangakain ni Philippine whiz kid Bonjoure Fille Suyamin, grade 3 pupil ng Del Rosario Christian Institute mula General Trias City, Cavite na makasikwat ng panibagong titulo sa pagtulak ng GM Eugene Torre Cup Elementary & High School Chess Championship sa Mayo 18, 2019 na gaganapin sa Mapua Gym, Intramuros, Manila.


Isa si Bonjoure Fille na masisilayan sa grand finals ng National Age-Group Chess Championships sa Abril 4 hanggang 9, 2019 sa Iba, Zambales.

Si Bonjoure Fille ay isa sa top players ng General Trias City Chess Club under ng guidance nina PH chess coach Ederwin Estavillo, General Trias City mayor Antonio "Ony " Ferrer, incumbent 6th District congressman Luis "Jon-Jon" Ferrer IV, sports head Lhen Muralla Kempiz at Arnel del Rosario ng Del Rosario Christian Institute ay nakilala sa chess world matapos manguna sa Young PH woodpushers na nagkamit ng four gold medals at two silver medals sa Thailand Pattaya Youth Chess Championship 2018 Standard competition na ginanap sa Bay Beach Resort Pattaya, Banglamung, Chin Buried sa Pattaya, Thailand nitong Oktubre 20 hanggang 24, 2018.

Nakilala sa chess world si Bonjoure Fille matapos manguna sa Young PH woodpushers na nagkamit ng four gold medals at two silver medals sa Thailand Pattaya Youth Chess Championship 2018 Standard competition na ginanap sa Bay Beach Resort Pattaya, Banglamung, Chin Buried sa Pattaya, Thailand nitong Oktubre 20 hanggang 24, 2018.

Sa isang banda, makakasama ni Bonjoure Fille na finalist na dumaan sa qualification tournament sa Chess Education for Age_Group (CEFAG) sa main draw ng Elementary division ng GM Eugene Torre chess cup ay sina Vince Pascual, Lemuel Adena, Mar Aviel Carredo, Al-Basher Buto, Hanz Pangan, John Matthew Alvarado, Karlycris Clarito Jr.Juncin Estrella,Dennis Jocel Mendoza, Dennis Jomari Mendoza, Gio Troy Ventura, Jersey Marticio, Genesis Jahk Andres, Clark Jimuel Cabatian, Joel Sebastian, King Christian Tabuzo, Charlemagne Romanillos, Relghie Columna at John Martin Firmalino.

Ito ay inorganisa ng Mapua FilChi Alumni Association sa magiting na pamumuno ni FIL-CHI President Engr. Edmond Aguilar sa pakikipagtulungan nina Past NAMA & FIL-CHI President Engr. George Ong-Tan, NAMA EVP & Past President of FIL-CHI Engr. Joseph Cua, FIL-CHI VP Richard Chan, Former Mapua Chess Champion Engr. Nelson Salazar, Engr. Bong David, Past President FIL-CHI Engr. Elias Ang at Mapua Chess Coach Boyet Tindugan Tardecilla. (Marlon Bernardino)



BRAVE 22 STORM OF WARRIORS - ANG puspusang pagpapakita ng mix martial arts ni Stephen Loman na sinaksihan ng mga fanatics ng nasabing sports kung saan nakalaban nito ang katunggaling si Filipinas at Elias Boudegzdame ng France Bantamweight title sa main event ng "Brave 22: Storm of Warriors" kamakailan sa Mall of Asia Arena. (RGN)



BP LONG JUMP BOYS - PINAKAMATAAS na tinalon ang distansiyang 6.63 ni Rufo Aidan Raguine ng Pangasinan na nagtagumpay sa gintong medalya ng Long Jump boys sa kasagsagan ng kanilang tagisan sa nakaraang Batang Pinoy Luzon Qualifying leg sa Ilagan Sports Complex, Isabela, (RGN)



PBA NORTHPORT VS SMB - PINAGTULUNGAN sa depensa nila Marcio Lassiter at Kelly Nabong ng San Miguel Beer ang nakorner na si Northport point guard Juan Elorde sa kasagsagan ng kanilang laban sa 2019 PBA Philippine Cup sa Araneta Coliseum. (RGN)

# DOH PROVIDES MORE LIFEGUARDS FOR CALABARZON

**DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) has successfully conducted the second batch of Lifeguard Training with 32 successful graduates to provide safety and security of tourists and guests of resorts and hotels who will be engaging in water activities in the pool, on the beach or island hopping in various tourist places in the province.**

"Preventing water incidents and ensuring safety of all individuals going to the beaches this summer is very important and every establishment with pools and beaches must have at least one lifeguard to immediately address any emergency situation and provide first aid treatment including basic life support service," Regional Director Eduardo C. Janairo stated during the graduation ceremony.

He also reminded the trainees to sustain healthy lifestyle practices learned during their training and maintain a healthy and strong physique. "Refrain from excessive consumption of cigarettes and alcoholic drinks which can affect your perception and awareness while on duty. Presence of mind is very important because you are at the forefront of preventing accidents and saving lives".

Janairo also assured the trainees that the regional office and the Philippine Coast Guard will be coordinating with the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) for the inclusion of the Lifeguard Qualification Training Course in their curriculum so that every successful graduate will be duly certified and acknowledged.

There is now a total of 70 trained lifeguards in CALABARZON to ensure safety and security.

"We will continue to provide more lifeguard training until all accredited establishment in the region can have their own duly licensed lifeguard to man their pools, beaches and resorts. We will not only promote health but safety as well".

There were 32 out of 38 trainees who graduated successfully from the Lifeguard Qualification Training conducted by the Philippine Coast Guard- National Capital Region District from various resorts and hotels in the region namely The Bayleaf Cavite, Royale Tagaytay, Taal Vista Hotel, Tanza Oasis Hotel and Resort and the Municipal Government of Noveleta in the province of Cavite; Yayong and Dita's Resort Corp., Pagsanjan LGU, Makiling Highlands Resort, Monte Vista, Splash Mountain Resort, City of Springs Resort – Hotel, Maya's Nest in the province of Laguna; JRC Breeze Beach Resort, Cimpulo Resort, Natipuan Beach Resort, Laycano Resort, Forever Tan Ag Beachside Resort, Laiya White Cove, Lago de Oro Beach Club in the province of Batangas; Club Manila East Taytay, Ciudad Christhia Resort San Mateo, Cristina Villas Mountain Resort and Hotel Antipolo, Thunderbird Resort Binagonan, Alamaris Resort Morong in the province of Rizal; Brgy Catablingan, MRJ Resort, Burdeos, Javierama Beasch Resort, MDRRMO Catanauan in the province of Quezon.

The Lifeguard Qualification Training Course is part of the 'Health in Tourism Program' was initiated by Director Janairo to ensure the health and safety of all people in Tourism Related Establishments (TREs) in CALABARZON.

The objective of the program is to create and maintain a database of all TREs in the region; collaborate with other government agencies including the PCG, Department of Tourism, NGOs and local government units in developing health and safety standards for an ideal tourism establishment; assess the establishments according to the health and safety standards; provide technical assistance to the TREs; and advocate or lobby to local chief executives for the implementation of Republic Act 9993 known as (The Philippine Coast Guard Law of 2009) which states that operators and owners of resorts who fail to hire lifeguards will be penalized with fines ranging from P1,000 to P5,000 or be face jail terms of 45 days, or both fine and imprisonment.

Lifeguard rescue equipment including rescue can, whistle and 2 sets of uniform were given by the regional office to the trainees who successfully completed the training course.

The Lifeguard Qualification Training Course is conducted by the DOH-CALABARZON Health in Tourism Program headed by Ms. Sheila P. Blancaver in partnership with the Philippine Coast Guard District National Capital Region – Central Luzon and the Department of Tourism – CALABARZON and was held in Punta Aguila Resort and Hotel located at Brgy. Laiya, San Juan Batangas from March 4-13, 2019. **BN**



A successful graduate of the 2nd Batch of Lifeguard Qualification Training Course receives a rescue can from DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo and a certificate of completion from Department of Tourism OIC-Regional Director Marites T. Castro during the Lifeguard Graduation Ceremony held in San Juan, Batangas on March 13, 2019. **BOY NAMORA**

# Kalansay ng lalaki, natagpuan

**ISANG** kalansay ng lalaki na pinaniniwalaang itinapon sa isang madamong lugar ang nataguan dahil sa masangsang na amoy sa Indang, Cavite.

